

1

“Oh, my God! Vergil’s here!” Panay ang tilian ng mga kababaihan habang papalabas siya ng magara niyang sasakyan.

Naglakad siya patungo sa entrada ng disco bar. Madilim, mausok at makabasag-eardrum sa loob ng disco. Pero kuhang-kuha pa rin niya ang atensyon ng mga tao, lalung-lalo na ng mga kababaihan. Panay ang pa-cute ng mga ito makuha lang ang kanyang atensyon.

Nahagip ng tingin ni Vergil ang isang babaeng nakasuot ng simpleng shirt at faded jeans. Sa kabila ng kasimplehan ay angat na angat pa rin ang kagandahan nito. At balewala rito ang kanyang presensya.

She had an angelic, beautiful face, and shoulder-length straight black hair. Para itong si *Artemis*, ang diyosa ng buwan ng mga Griyego.

Dahan-dahan siyang naglakad patungo sa mysteryosang babae. Madaming tanong ang nabuo sa kanyang utak. Habang papalapit, mas tumitindi ang pagnanais niyang makilala ito.

“Hi, lagi ka bang pumupunta dito?” tanong niya nang makarating sa tabi nito.

Physical attraction, Vergil thought.

Iyon ang nararamdaman niya.

“What did you say?” tanging sabi nito.

Inilapit niya ang mga labi sa tainga ng babae. Her feminine scent assaulted his nostrils, nagpatingkad sa pagkaakit niyang nadarama. It took him a couple of seconds to get a grip of himself.

“I asked if you frequent this place. By the way, I’m Vergil... Vergil Dayrit.” He extended a hand.

Na hindi nito tinanggap. “Nice to meet you but I have to go.”

“Aalis ka na agad? Won’t you stay a little longer? Kahit isang shot lang? Promise, kahit ilang minutes lang.”

“Pasensya na, Mr. Dayrit. Hindi ako puwedeng magtagal. Siguradong madaming babae diyan na mapagkakaabalahan mo.”

“Sandali...” Bago pa ito makalayo, nahawakan na niya ang braso nito. And it was as if that touch zapped him. Binitawan niya ang dalaga.

Pero wala siyang napansing katulad na reaksiyon galing sa babae. Ang ipinagtataka ni Vergil, grabe ang naramdaman niyang kuryenteng dumaloy sa buong katawan niya samantalang parang di ito apektado.

Bago pa siya nakaimik ay nakalayo at naglaho na ito.

Five days later, nasa charity auction si Vergil ng *Dayrit Group of Companies*. Lolo niya ang pasimuno sa pagtitipong ito. And as always, he was late. Nakasunod ang mga mata ng mga bisita habang naglalakad siya patungo sa kinaroroonan ni Don Facundo—his ever loving, grumpy grandfather.

“Good evening, Lolo.” Nakalapit na siya sa matanda.

“You’re late again.” Pinilit na lang nito na huwag atakehin ng kasungitan. “What’s your excuse today?”

“Wala po, alam ko din naman na hindi kayo maniniwala sa sasabihin kong excuse.”

“Damn right I wouldn’t! Vergil, kailan ka ba matututong magpahalaga sa iba?”

“But Grandpa, I do care.”

“Care about what? Sa pambababae? Can’t you think about other people for a change?”

He sighed. “Lolo, huwag kayong mag-alala, bukas na bukas, magdo-donate ako ng two million sa isa sa mga charities na sinusupportahan ninyo.”

Napahawak na lang ang matanda sa ulo na para bang sasabog iyon. Nagpaalam na siya rito. Saan kaya siya maaaring tumambay na hindi mapapansin ng abuelo?

Napansin niyang tila nag-e-enjoy ang lahat. May mga nagsasayaw. Natanaw niya ang isang hardin, doon niya naisip dumerecho.

Mula sa garden ay rinig pa din ang ingay sa party, iyon nga lang, medyo mahina na. Patuloy lang siya sa paglilibot, hanggang sa makita ang isang babaeng nakaasul na cocktail dress. Nakatayo ito sa harapan ng isang puno habang nasisinagan ng buwan.

Kumurap-kurap pa si Vergil, pilit inaaalam kung totoo ba o gawa-gawa lang ng imahinasyon niya ang nakikita. Kinusut-kusot pa niya ang mga mata upang makuntento.

Ang babae sa bar! Artemis is here?

Of course he knew na hindi iyon ang pangalan

nito. Ilang beses nitong dinalaw ang panaginip niya. Ngayon, nakita na naman ito ni Vergil. At naroon pa rin ang attraction na una niyang naramdaman. Napakalakas ng kabog ng kanyang puso.

Kahit kailan, hindi pa nangyari sa kanya ang ganito. What was wrong with him? Para malaman ang sagot, kailangang malapitan niya ito. Perhaps that could give him an answer.

He walked slowly. Nasa likod na siya nito ay mukhang hindi pa siya napapansin ng babae. Nag-init ang kanyang katawan nang muli niyang maamoy ang mabangong samyo nito. Unti-unting umangat ang kanyang kamay. It seemed to have a mind of its own, wanting to touch the bare skin of her shoulder.

What the eff's wrong with you, Vergil?

Nabawi niya ang kamay in time. Saktong humarap ang estranghero at nakita siya.

“Mr. Dayrit, I didn’t know you attend these functions.”

Didn't know you did either.

Bago pa niya napigilan muli ang sarili ay nahila na niya ito, kinabig palapit sa kanyang dibdib. Napansin niya ang pamumula ng mga pisngi ng babae.

“What do you think you’re doing?”

“What I should have done n’ung una tayong magkita. Believe me, higit pa dito ang gusto kong gawin n’un.” His voice was low and husky.

Umismid ang babae. “Let go of me, Mr. Day—”

“Puwede bang Vergil na lang ang itawag mo sa akin?”

“Fine, Vergil. May pakiramdam akong ’yan ang laging dialogue mo sa mga prospect mong babae, pero hindi ako tatablan niyan. Let go.”

“I know you’re different. And I like it.”

“Sigurado akong mamaya ay magbabago rin ang pananaw mo tungkol sa akin.” Pilit itong kumawala sa kanya. Nagtagumpay ito.

He grinned. “Feisty!”

Tinalikuran siya ng babae at naglakad na pabalik sa party. Kaagad siyang bumuntot dito. Hindi niya namalayang palapit na pala sila sa kanyang Lolo Facundo. Nakuha na nila ang atensyon ng matanda.

No, ang babae ang nakakuha ng atensyon nito.

“Helena!” Sinalubong nito ang babae at binigyan ng isang magaan na yakap, parang isang apo na

kinatutuwaan. “Mabuti naman pinagbigyan mo ang imbitasyon ko. I’m so glad to see you.”

“Ako din po, masaya akong makita kayo, Don Fa—”

“Ilang beses ko bang sasabihin sa ’yo na huwag mo na ’kong tawaging Don Facundo,” putol ng matanda.

“W-wait,” sapat ni Vergil sa usapan. Naguguluhan siya. How did his grandfather meet this lady? Who was this Helena? “Will somebody enlighten me?”

“Let’s go somewhere private. Sumunod kayo sa akin,” utos ng abuelo.

Vergil was still puzzled habang nakasunod sa mga ito. Ang babae naman ay tila kampante lang na naglalakad. Sino ba talaga ito at ano ang kaugnayan nito sa kanyang lolo? Tumigil sila sa opisina ng kanyang abuelo. He couldn’t explain why he was nervous. His heart beat rapidly.

Pumasok na sila at naupo. Don Fajardo and Helena were calm. The silence added to Vergil’s tension.

“Puwede n’yo na sigurong ipaliwanag sa akin ang lahat.” Siya na mismo ang sumira sa katahimikang

namamayani.

“Siya si Miss Helena Lopez,” pormal na pakilala ng matanda. “She was my scholar.”

As long as hindi nito sugar-daddy ang lolo niya at hindi nila ito kamag-anak, ayos lang kay Vergil kahit sino pa ang babae. Nakahinga siya nang maluwag.

Inilahad niya ang kamay. “Nice to meet you, Miss Helena Lopez.”

“I wish I could say the same, Mr. Dayrit.”

“Bakit mo naman nasabi ’yan? Ako kasi, masayang-masaya na makilala ka. Saka sinabi ko na sa ’yo, Vergil will do. May pakiramdam din akong magiging close tayo.”

“May importanteng bagay din kaming pag-uusapan at may kinalaman ’yun sa ’yo.”

“Sa ’kin?” Itinuro niya ang sarili. “Tungkol saan, Lolo? Kung date lang ang pag-uusapan, I don’t mind. I will clear my schedule to spend time with her.”

“Vergil, she’s not here for that!” Nag-init na nang tuluyan ang ulo ng matanda.

“Don Facundo, ako na po ang magpapaliwanag sa apo ninyo.” She was calming his grandfather.

Pagkuwan ay hinarap siya ng babae. “Malaki ang utang na loob ko sa lolo mo kaya kahit hindi ako lubusang sang-ayon sa plano niya, pumayag na din ako. I’m a social worker. Sa isang foundation ako nagtatrabaho, sa isang home for less fortunate children.”

“And how does that concern me?”

“Pinakiusapan niya akong pagtrabahuhin ka sa foundation. Tutulong ka sa mga bata, magtuturo, mag-aalaga. In fact, gagawin mo ang lahat ng trabaho ng isang social worker na tulad ko.”

“What?” Gulat na gulat si Vergil. Seryosong tumingin siya sa abuelo. “Are you serious, Lolo? Anong kalokohan ito? I have a job in the *Dayrit Group of Companies*.”

“Isa iyon sa mga kondisyon ko bago mo tuluyang makuha ang pamamahala sa kompanya ko, Hijo. Limang buwan kang magtatrabaho sa foundation. Kung hindi, pasensyahan na lang tayo. You can work in my company all your life, pero hindi ka magiging CEO at president, kahit na kailan. I will make sure of that.”

What the eff’s going on?

Napahawak siya sa sariling buhok at tumingin sa

dalawang taong biglang naging kontrabida sa buhay niya.

“Why are you doing this? Bakit? I’ll never understand this!”

“Exactly. I’m doing this because I want you to learn something.”

“I know a lot of things!”

“You’re materialistic and vain! Sarili mo lang ang iniisip mo at balewala sa ’yo pag nasasaktan ang iba.”

Pumagitna na ang babae sa away nilang mag-lolo. “Tama na po, Don Facundo. Huwag na po kayong magalit. Ako na po ang bahala sa kanya.”

“Bahala sa akin?”

Tiningnan siya ni Helena nang masama. Walang sabi-sabing hinawakan nito ang kanyang braso at buong lakas na hinatak siya papalabas ng opisina ng matanda. Tuluy-tuloy lang sila sa paglalakad hanggang makapunta isang tahimik na sulok. Saka siya binitawan nito.

“Hindi mo man lang ba mapagbibigyan ang kagustuhan ng lolo mo? I’m beginning to believe that you’re the selfish spoiled brat he thinks you are.” Parang kutsilyo sa talim ang titig nito. “Your

grandfather is right. Mahirap ngang iwan sa 'yo ang pamumuno ng kompanya niya."

"You don't know anything so you shut up!"

"Let's see, I have firsthand experience of you as a playboy. You never seem serious about your life, you play more than you work; may nakalimutan pa ba ako? Hindi mo naman siguro masisisi ang lolo mo na hindi ka pagkatiwalaan. You're not qualified to inherit his legacy."

"Wala kang karapatan na sabihin sa 'kin 'yan! How dare you judge me? Kakakilala pa lang natin."

"Eh, di patunayan mo na mali ako. Patunayan mo din sa lolo mo na karapat-dapat ka bilang isang Dayrit," hamon nito.

"Fine! If you want me to work as a volunteer in that foundation, sige."

"Great!" Sa hitsura ng dalaga, parang ito na ang nanalo sa away nila. "Bukas na bukas, mag-uumpisa na ang limang buwang social work mo. See you tomorrow, Mr. Vergil Dayrit. Ah, bawal ang late."

At umalis na ito. Naiwan siyang nakatulala.

2

Alas seis pa lang ng umaga. Isang nakabubulahaw na ring tone ang gumising kay Vergil. Ang pagkakatanda niya, hindi siya nag-set ng alarm clock. At kung magset din lang siya, hindi ganito kaaga. Nakalubog pa rin ang ulo niya sa unan habang kinakapa sa headboard ang cell phone.

Isang unknown number ang naka-register nang bistahan niya ang screen.

Ilang beses pang nag-ring iyon kaya napilitan na siyang sagutin. “Who the hell is this?”

“Mr. Vergil Dayrit, may nakakalimutan ka ba? Di ba dapat nasa daan ka na papunta dito sa foundation?”

Si Helena!

Shit! Magiging volunteer nga pala siya. And should he refuse to complete the task, his grandfather would disinherit him.

He snapped and lied. “Uhm, paano ko naman makakalimutan? Kaya nga on the way na ’ko, hindi mo na ’ko dapat pinaaalalahanan pa. You’re not my secretary. Or maybe you just want to hear my voice.”

“Sa totoo lang, hindi ko talaga gustong madinig ang boses mo, at kung puwede lang huwag na kitang makita pa. Kaso may isang salita ako, wala akong balak na baliin ang pangako ko sa lolo mo. And I know you’re still in bed.” Iyon lang at tinapos na nito ang tawag.

Inis na napabangon si Vergil. Ngayon lang siya nabuwisit nang ganito sa isang babae.

Plano niyang baguhin ang impression ni Helena sa kanya mula ngayon. Para kung saka-sakali mang magre-report ang babae sa abuelo niya, maganda ang sasabihin nito.

Tumuloy na siya sa banyo at naligo. Nagbihis siya ng isang dark polo shirt and cream pants pagkatapos.

Sa Antipolo ang punta niya kaya siguradong may katagalan ang biyahe niya. And as expected, na-traffic siya sa *EDSA* pa lang.

Traffic pa rin ang nakasagupa niya sa *Marcos Highway*. Siguradong abot na ang sermon ng dalaga sa kanya pagdating niya.

Habang nakatigil, may namataan siyang flower shop. He had an idea. Women loved flowers. Kung bibigyan niya si Helena, siguradong hindi na siya pagagalitan nito, dagdag good image din sa kanya.

Bumaba siya, bumili ng isang dosenang lilies.

Naghimala yata ang Diyos. Pagkatapos niyang bumili, biglang lumuwag ang daan. Tuluy-tuloy ang biyahe. Pagkaraan ng ilang minuto, nakarating na rin siya sa kanyang destinasyon—*Sta. Cecilia Children's Home*.

Hindi niya maintindihan ang sarili sa matinding kabang nararamdaman. Nasa entrada na siya, hawak ang isang dosenang bulaklak. Many children were running around, playing.

Nakita niya agad ang kontrabida—si Helena, ang babaeng problema niya nitong huli. She was a few yards away from him.

Malayung-malayo ang hitsura nito sa malamig na babaeng nakilala niya. Habang nakikipaglaro ito sa mga bata, malinaw ang pagkakaiba. He couldn't help smiling. Ang makita itong masaya at nakangiti ay nakakahawa. Pakiramdam niya tuloy ay gumaan ang loob niya.

He shook his head. Huminga siya nang malalim at nagpaka-cool, naglakad na palapit dito. Namataan siya ng babae. The smile on her face vanished. Sinalubong na siya nito, and it was not a warm welcome.

“Akalain mo, may balak ka pa palang pumunta.”

Imbis na patulan ang mapang-inis nitong tingin, dinaan niVergil sa biro ang pakikipag-usap. “Sino naman ang nagbigay sa ’yo ng ideya na hindi ako pupunta?” Ibinigay niya ang hawak na bulaklak. “Flowers for you.”

“Ano iyan, suhol?”

Napataas nang kaunti ang kilay niya. Pinigilan na lang niya ang ma-badtrip. Baka may mabitiwan pa siyang salita na pagsisisihan niya sa bandang huli.

Konting tiis lang, Vergil.

“I have no hidden agenda. Besides, kung may iba akong intensyon, hindi ko dadaanin sa bulaklak. I’m not the flowers type of guy.”

Mukhang naniwala ito na wala siyang ibig sabihin sa mga bulaklak ngunit nanatili itong walang kibo. “Thank you na lang, pero hindi ko matatanggap ’yan. I’m allergic to flowers, especially lilies.”

“Seriously?”

“Don’t tell me you require medical proof para lang maniwala ka?”

“No, huwag na.” Nanghihinayang man, itinapon

na lang niya sa isang kalapit na basurahan ang dala. “Next time, iba na lang ang dadalhin ko para sa ’yo.”

“Huwag ka nang mag-abala, Vergil. Limited lang ang makukuha mo dahil mababa lang ang magiging sahod mo dito. Wala ka ring susuwelduhin sa datimong trabaho, and your grandfather cut up all your credit cards.”

“What? Wala sa usapan ’yun, ah! Paano ako mabubuhay?”

“Huwag kang OA. Kailangan mo lang tipirin ang pera mo. Kung ’yan pa lang hindi mo na kaya—”

“I can do it! Kung inaakala mong madali akong susuko, nagkakamali ka.”

“So, shall we start? Gustung-gusto ka na kasi nilang makilala.”

Tango na lang ang isinagot ni Vergil. Talagang badtrip na siya. Nanguna ang dalaga sa paglalakad, nagpaliwanag na rin ito tungkol sa mga rules at regulations ng foundation. Pahapyaw nitong ipinakilala ang mga bata, their attitudes and how they ended up at the home.

Sunod nilang pinuntahan ang kusina. Tatlong may-edad na mga babae ang nakita niya, may suot

na apron at hair net ang mga ito.

“Nanay Clara, Nay Elena, Nanay Flor,” tawag ni Helena sa atensyon ng mga ito.

Tumigil ang tatlo sa ginagawa at humarap sa kanila. Maaliwalas naman ang mukha ng mga ito, tila masayang makita siya. Mabilis pa sa alas-kuwatro, lumapit ang tatlo sa kanila.

“Aba, sino ’tong guwapong ‘to, Helena?” usisa ni Nanay Clara.

Sumunod si Nanay Flor. “Sa wakas! Nagkanobyong ka na. Dapat magluto tayo ng pancit.”

“Mabuti naman at ipinakilala mo siya sa ’min, Anak,” saad ng huling may-edad na babae.

Pinigilan ni Vergil ang matawa sa kakulitan ng tatlo, panay pa rin ang tanong ng mga ito kay Helena kung magnobyong ba sila ng dalaga. Sigurado siyang nagba-blush na si Helena. Pribilehiyo yata na mapagkamalang girlfriend niya.

But when he glanced back at her, Helena wasn’t blushing. Normal lang itong nakikipag-usap at parang deadma lang ang mga statements ng tatlong matatandang babae.

“Hindi ko po siya boyfriend. Siya ang bagong

makakasama natin dito na mag-aalaga sa mga bata. Siya si Vergil Dayrit.”

“Vergil Dayrit?” Nagiisip ang mga ito na waring nadinig na ang kanyang pangalan.

After that, si Nanay Elena na ang nakaalala kung sino siya. “Alam ko na! Ikaw ’yung boyfriend ni Julie San Martin, di ba? ’Yung singer, di ba?”

“Ex-boyfriend po,” paliwanag niya. “Masaya po akong makilala kayo.”

He flashed a smile and all the older ladies seemed enchanted by it. Grabe! Kasing-tigas yata ng bato ang damdamin ni Helena at tila di man lang ito apektado. Ni wala man lang epekto rito ang pagpapa-charming niya. Matapos ang maikling pagpapakilala, nagpaalam na ito sa tatlo at inaya na siyang lumabas ng kusina. Hindi niya alam kung saan sila susunod na pupunta, wala kasi itong imik.

And as they walked, may mga segundong napapatingin siya rito nang palihim. Paano niya kaya mapapalambot ang isang Helena Lopez? Nasa gitna siya ng pag-iisip ng paraan para mapaamo ito nang tumigil ito sa isang kuwarto.

Holy cow! Pagkabukas na pagkabukas, sandamakmak na mga batang nagkukulitan at

nagbabatuhan ng mga papel ang tumambad sa kanila.

Lahat ng mga batang 'to, aalagaan ko?

Habang naglalakad sila papasok, pakiramdam ni Vergil ay nasa isang warzone siya.

Shit! How will I handle these brats?

Parehas na silang nakatayo sa harapan ng mga bata. Saka lang sila napansin ng mga ito. Parang mga robot na biglang tigil sa ginagawa ang mga ito, natigil ang kaguluhan. Nakatitig ang mga ito kay Helena.

Naging behaved ang mga bata, maayos na nagsiupo. Kulang na lang pumalakpak siya sa husay ni Helena. With just one stare, she could make the kids quiet.

“Magandang araw, mga bata.”

“Magandang araw din po, Ate Helena!” bati ng mga ito.

“May bago tayong makakasama dito. Siya si Kuya Vergil, siya ang magtuturo sa inyong magbasa at magsulat.”

Sinenyasan siya nitong magpakilala.

Natilihan siyang saglit bago iyon nagawa. “Hello, kids! I’ll be the one to teach you how to read and

write.”

Walang reaction. Napakatahimik ng lugar na waring walang narinig ang mga ito. May nasabi ba siyang mali? Ayaw ba ng mga ito kay Vergil? Well, he didn't care. Ang mahalaga sa kanya ay matapos ang limang buwan nang walang kahirap-hirap.

Bumulong ang dalaga sa kanya. “Mag-Tagalog ka para maintindihan ka nila.”

Right! Ginawa rin niyang friendly ang boses at sinunod ang advice nito. “Tama si Ate Helena n’yo, ako ang bagong magtuturo sa inyo.”

“Yehey!” At nagtakbuhan ang ilang bata palapit sa kanya.

Panay ang pangungulit at pagtatanong. Hindi niya alam kung sino ang uunahin sa mga ito. Mayroon pang tila nananadya at nagpapasama sa banyo. *Great!*

Napatingin siya kay Helena. “Please... Help me! Hindi ko sila kayang patahimikin.”

“I’m sure kaya mo ’yan. ’Nga pala, may gagawin pa ’ko kaya maiwan na kita.”

“No, wait—”

Pero tuluyan na itong umalis.

Flowers For Artemis - Joelle Madison

He would find a way to make her suffer, too!
Kung inakala nitong matatalo siya, nagkakamali ito.

3

Sadya yatang mahirap makisalamuha sa isang milyonaryong playboy, pero wala siyang magagawa. Malaki ang utang na loob ni Helena kay Don Facundo. Kaya kahit wala siyang pasensya sa mga taong katulad ni Vergil, tinitiiis na lang niya.

Aaminin niya, hindi niya alam kung bakit mainit ang dugo niya kay Vergil. Hindi alam ni Don Facundo, nagpunta siya sa club na madalas nitong tambayan para makilatis bago sila magkaharap. Hindi niya inaasahan na mapapansin siya nito. At nang magkakilala sila sa charity function, lalo lang lumala ang inis niya para rito.

Wala naman sa nature niya ang maging masungit o maging judgmental, kaya hindi niya alam kung bakit ganito siya sa binata. Okay, so he was handsome! Hindi niya rin masisisi ang lalaki kung may kayabangan man ito.

Right now, panay ang tingin niya sa wall clock habang busy sa pagdo-drawing ang mga bata. Alas diez na pero hindi pa rin dumadating si Vergil. Oo, halos lagi itong late, pero ngayon pa lang nangyari na late ito nang mahigit tatlong oras. Hindi na ba ito

pupunta? May nangyari kaya sa binata?

And why am I concerned?

Tumawag si Helena ng isang volunteer upang magbantay sa mga bata. Lumabas siya ng silid at kinuha ang cell phone sa bulsa. She dialed his number. Walang sumasagot. Bakit kaya? Inulit niyang muli, panay lang ang ring.

Shit! Humanda talaga ito sa kanya! Sa susunod na attempt niya ay pinutol nito ang tawag, at sa pang-apat niyang subok ay out of reach na.

Humahangos na lumapit sa kanya si Nanay Flor. “Helena, dali... kailangan mong lumabas.”

“Nay Flor, ano’ng nangyari?”

“Si... Vergil... nand’un sa may gate,” hinihinal nitong sabi.

“Ang galing naman talaga ng lalaking—”

“Bilisan mo na,” putol ng matanda.

Habang kasunod nito ay ipinasya ni Helena na sasabihin na lamang niya kay Don Facundo na wala nang pag-asang magbago ang apo nito.

“Ano’ng nangyari sa ’yo?” Iniiwas niya ang tingin kay Vergil at binalingan ang matanda na hindi

maipinta ang mukha. “Nay Flor, alam n’yo naman na maraming bata dito. Paano kung—”

“Sino sa palagay mo ang nagbigay sa kanya ng tuwalya?” nakapamaywang na tanong nito bago sila iniwan.

Naitirik ni Helena ang mga mata bago muling hinarap ang binata.

“Ano ba talaga ang nangyari sa ’yo?” Sino ba naman ang hindi mabibigla, tuwalya lamang sa baywang ang nakabalot sa katawan nito. “Bakit ganyan ang hitsura mo?”

“Malamang na-hold up ako kaya ganito ang hitsura ko. Kanina pa ’ko naglalakad nang nakahubad, buti na nga lang may tumulong sa ’kin!”

Pinigilan niyang matawa sa nakikitang inis sa mukha ng lalaki. “Pumasok ka na nga lang sa loob para makapagbihis ka.”

Binabaybay nila ang pasilyong patungo sa kanyang opisina. Nasa unahan niya ito at hindi niya mapigilan ang mapatingin sa likod at pang-upo nito. Muli niyang naibaling ang tingin, gustong mapailing. Kaya naman pala napakadaming babae ang nagkakarandarapa rito, napakakisig talaga ng binata.

“Hoy!” Nasa harapan na pala sila ng opisina niya. “Wala ka bang balak na buksan ito o baka naman mas gusto mong nandito lang tayo para nakikita mo ang katawan ko?”

“Asa ka pa!” Itinulak niya ang pintuan. “Pumasok na po kayo, Mr. Yabang.”

Mabilis ang tibok ng puso niya, mas mabilis pa yata sa mga nagkakarerang kabayo. Para siyang nahipnotismo nang dahan-dahan itong lumapit. He placed a warm hand on her cheek.

“Alam mo, parang gusto kong nakikita kang naiinis, gumaganda ka lalo,” anas nito sa paos na boses.

Sinubukan niyang ngumiti kahit mahirap. Wala siyang balak magpatangay sa pang-aakit nito. Hinawakan niya ang braso ni Vergil. Kuryente, iyon ang kanyang naramdaman. Dumaloy iyon sa kanyang buong katawan.

The seductive look on his face vanished. Napalitan iyon ng pagtataka.

Inismiran ni Helena ang lalaki at inalis ang palad nito na nasa pisngi niya. “Nice try, Vergil. Baka nakakalimutan mong wala kang damit,” tuya niya.

“May maipapahiram ka ba sa ’kin? Nilalamig na nga ako.”

Pumunta siya sa locker at naghalingkat doon. “Mabuti’t may naiwang damit si Doc dito.” Iniabot niya ang isang pares ng plain shirt at khaki shorts.

“Sinong Doc?”

“Huwag ka nang magtanong, isuot mo na lang ’yan.”

At nanlaki ang mga mata niya nang walang babala nitong tanggalin ang tuwalyang nakatakip sa ibabang parte ng katawan nito.

“Ano ka ba?” sigaw niya, sabay talikod. “Basta-basta ka na lang nagtatanggal diyan!”

Pero tumawa lang ito nang malakas. “Pasensya na, ha. Nakalimutan kong hindi pa nga pala tayo lubusang magkakilala.” His voice was sexier than ever.

“Sira ka talaga! Na-hold up ka ba talaga o nag-iimbento ka lang ng dahilan kung bakit ka na-late?”

“Come to think of it, kasalanan n’yo ni Lolo kung bakit ako na-hold up. Naisipan kong magtipid at huwag dalhin ang sasakyan ko. Pero ito ang napala ko. Nag-taxi lang ako kanina. Malay ko ba na kriminal

pala 'yung driver! Kinuha niya lahat—wallet, cell phone, my watch, even my clothes.”

“Sino 'yung sinasabi mong tumulong sa 'yo? Bakit di ka niya pinahiram ng damit?” Humarap na siya rito dahil sinabi nitong tapos na itong magbihis.

“Malamang kasi babae siya at wala siyang damit na dala para sa 'kin! Pinasakay niya ako sa kotse niya at nagpahatid ako dito.”

Gustong mapasimangot ni Helena. Masuwerte pa rin ang kumag.

“Kung hindi, siguradong hanggang ngayon naglalakad pa din ako papunta dito,” patuloy ng binata.

Kahit ano yatang isuot ng binata, nadadala nito nang walang kahirap-hirap. He looked dashing despite the simple attire. Minsan pa, inilayo niya ang tingin mula kay Vergil. Wala siyang balak na mapasama sa mga babaeng nagkakandarapa rito.

“Huwag ka na munang magturo sa mga bata. Magpahinga ka na lang dito. Tatawagan ko lang si Don Facundo.”

“Don't!” He stopped her. “Please, huwag mong sabihin kay Lolo ang nangyari.”

“Pero kailangan niyang malaman ’to. This is about your safety. Ayaw mo ba n’un? Maybe he’ll even realize na hindi mo na kailangang ituloy ang pagtatrabaho dito sa foun—”

“Please, Helena. Don’t mention this to Lolo. Iisipin lang niyang incompetent ako.”

She highly doubted that, pero hindi na siya tumutol. Hindi niya rin alam kung bakit hindi niya magawang hindian ang binata. At bakit ba ayaw rin niya sa ideyang aalis ito roon?

Nagkibit-balikat na lang siya. “Ikaw ang bahala.”

“Thank you, Ma’am!” Sumaludo pa ang lalaki.

Mayamaya ay napansin nito ang folder na nasa mesa. “What is this?”

“Mga profile ’yan ng mga batang nandidito. Nakalagay diyan ang ilang detalye, kung kailan sila nakita, saan. Most of them are street children.”

Pinagpatuloy pa ni Helena ang pagkukuwento. “The others were molested and abused by their parents. Iyong iba sa kanila ay ilang araw nang hindi kumakain bago sila napunta dito. At ’yung iba, nagtatrabaho na sa batang edad. Can you imagine how they survived before they came here, how they

lived?”

Napakunot-noo ito. “Hindi lang ako makapaniwala. Nakilala ko na halos ang lahat sa kanila, at parang wala naman silang pinagdaanang gan’ung problema. Para lang silang mga normal na bata.” Tumingin ang lalaki sa kanya nang seryoso.

“Siguro ’yun ang kagandahan ng pagiging bata. Mabilis makabawi, maka-recover.”

Tila biglang naglaho ang mapaglarong side ni Vergil. “Yun nga lang hindi kumain ng isang meal, halos sumakit na ang sikmura ko. Hindi ko lang ma-imagine na tinitiiis ng isang bata ang ilang araw ng gutom. Sa murang edad ng iba, nakaranas na sila ng pagmamaltrato.” Tumingin ito sa labas. “At hindi ko man lang naisip na posibleng dinanas nila ’yun. How could I have been so insensitive?”

Naiintindihan niya ito pero, “I didn’t think you’d have been as effective kung sinabi ko sa ’yo beforehand ang history ng bawat isa sa kanila. Mangingilag ka, masyadong mag-iingat, hindi mo mae-enjoy ang pagtatrabaho mo rito kung lagi mong iniisip iyong nakaraan nila. Sa nangyari, you’re none the wiser at hindi n’un naapektuhan ang pakikitungo mo sa kanila. At pareho kayong masaya ng mga bata, tama ba ako?”

Noon ito tumingin sa mga mata niya at tahimik na tumango.

“Sa totoo lang, hindi ko inisip na tatagal ka dito. At lalong hindi ko na-imagine na makikita kong nag-e-enjoy ka sa trabaho mo.”

“Thank you,” sagot ni Vergil. Napakaseryoso ng mukha nito.

Hindi alam ni Helena kung ano ang tumatakbo sa utak nito, ngunit alam niyang tinablan ito sa mga nakita.

Maybe there was a side to Vergil na dati nang nandoon ngunit hindi hayag sa lolo nito. O maaaring alam ni Don Facundo ang tungkol doon at nais nitong ipamalas iyon ng apo.

Iniba na lamang niya ang usapan. “Maiwan na kita dito, ako na muna ang bahala sa mga tinuturuan mo.”

“No. Nandito na rin lang ako, gusto kong makasama sila.”

Nakapagtataka. Dati ay pulos angal nito ang naririnig niya. Tumango na lang siya sa binata at sabay silang lumabas ng opisina at pumunta sa kinaroroonan ng mga bata. Break time na at

siguradong nasa playground na ang karamihan sa mga ito.

“Kuya Vergil!” Nagtakbuhan ang mga bata patungo sa kanilang kinatatayuan.

And the man welcomed the children with a smile. Unti-unti nang nagbabago si Vergil sa mga mata niya.

“Kuya, magbasa ka pa ng ibang kuwento!” request ng isa sa mga bata.

“Sige na, Kuya Vergil. Basahan mo pa kami ng kuwento,” segunda ng isa pa.

Natatawa siya. Kung dati ay halos magtimpi siya sa sobrang kakulitan ng mga ito, ngayon ay talagang nag-e-enjoy na siya sa mga tungkulin niya sa foundation.

The children here deserved to be treated well, may karapatan ang mga ito na makapag-aral, makapaglaro. He had an easy childhood. Kahit paano ay gusto niyang ibahagi sa mga ito ang masaya niyang kabataan.

Napatingin sa wrist watch si Vergil. “Kids, sa susunod na lang. Tanghalian na.”

“Pero Kuya, gusto pa namin...”

“Sa susunod na lang, pangako. Baka magalit si Nanay Clara pag hindi pa kayo pumunta sa dining hall.”

“Promise?” tanong ng mga ito sa kanya.

“Oo, peks man!” Nagtaas pa siya ng isang kamay na parang nagpa-Panatang Makabayan. “Sige na, hindi dapat pinaghihintay ang pagkain.”

Nagsilabasan na nga ang mga bata, mababanaag ang ngiti sa mga mukha. Naiwan si Vergil sa loob ng silid upang magligpit ng ilang nagkalat na mga papel at pangkulay. Saka niya lang napansin ang batang nagpaiwan.

Si Francis. Ang alam niya ay pinagmalupitan ito ng sariling mga magulang. Ayon kay Nanay Flor ay may mga paso ito ng sigarilyo sa buong katawan noong unang dating sa home.

“O, Francis? Bakit hindi ka pa sumabay sa mga kaibigan mo?”

Nahihiyang iniabot ng bata ang isang papel. “Para po sa ’yo ’yan, Kuya Vergil.”

Pagkaabot niya ng papel ay sumibad na ito ng alis. Nagtaka siya sa ikinilos nito. Then he remembered

na hindi talaga masyadong nakikihalubilo si Francis. Masyado itong tahimik at hindi mahilig makigulo. Siguro ay may kinalaman sa nakaraan nito kaya hindi madali para rito ang makipag-interact sa iba.

Binuklat niya ang papel. Naka-drawing ang isang magkapareha—lalaki at babae. Sa gitna ng mga ito, may nakaguhit na isang puso. May nakasulat pang mga pangalan. Natawa siya. Nakasulat kasi ang pangalan nila ni Helena.

So, the boy thought that Vergil and the stubborn social worker were meant to be. Sabagay, hindi naman niya itatanggi ang pisikal na atraksyon niya para sa dalaga.

Paano nga kaya kung may relasyon kami ni Helena?

“Malalim yata ang iniisip mo, ha?”

Bigla niyang naitago ang hawak na papel sa kanyang likuran at hinarap ang nagmamay-ari ng boses. Nakatayo sa pintuan si Helena.

“K-kanina ka pa diyan?” *Damn!* Kinakabahan siya, halatang-halata sa boses.

“Hindi naman, kadarating ko lang dito. Bakit? May sikreto ka ba?”

“Wala, ah! Ba’t ka nga pala napadaan?” Isinuksok niya sa bulsa ang papel na bigay ni Francis.

“Nag-o-observe talaga ako. Kaso nalipat yata sa akin ang late sickness mo, at nakalabas na ang mga bata para sa lunch bago ako nakarating. In fairness, you’ve been making a lot of progress sa isang buwan mo dito.”

“Really?”

“You need proof? ’Yung kanina, nilapitan ka ni Francis. Ngayon ko lang siya nakitang nagtiwala sa mas matanda sa kanya.”

“He simply talked to me. Nakikipag-usap din siya kina Nanay Flor, at sa ’yo.” Sa papuring natanggap, ang kabang nadarama ay napalitan ng ibang damdamin, naging masaya siya. Pakiramdam ni Vergil ay posibleng lumaki ang ulo niya.

“But it’s you he trusts,” giit ni Helena.

“Sana lang hindi siya mabigo sa ’kin.” He stared at her. “Sinabi ko sa inyo ni Lolo na patutunayan kong mali kayo, pero hindi ko ginagawa ito para sa inyo. I’m doing this for those kids.”

“Tingin mo, hindi ko pa na-realize iyon?” Naka-pout ang mga labi nito at natutukso si Vergil na

halikan ang dalaga. “I think I want to know you better.”

Parang natunaw ang puso niya nang madinig ang sinabi nito. Namayani ang katahimikan. There was something pulling him, nama-magnet siya palapit dito. Bakit ganito ang nadarama niya? Nararanasan din kaya ni Helena para sa kanya ang ganitong klase ng atraksyon?

May paraan para malaman niya kung pareho sila ng nadarama. Namawis ang kanyang mga palad sa pagnanais na hawakan ito, hagkan.

Pero bago pa siya tuluyang nakalapit ay isang lalaki ang biglang sumulpot.

What the hell? Sino ang asungot na 'to?

The stranger was tall, dark and... no, hindi siya makapapayag na mas guwapo ito sa kanya. Naka-lab coat ang lalaki at may suot na salamin sa mga mata. Umakbay pa ang damuho kay Helena na animo close ang mga ito sa isa't isa.

Crap! Ang kaninang magaan na pakiramdam ay napalitan ng inis. Naikuyom ni Vergil ang mga palad, nanginginig ang kanyang mga kamao.

“Nga pala, Vergil, si Doctor Dante Gonzaga,

volunteer pediatrician dito sa *St. Cecilia*. Ipakilala ko talaga siya sa 'yo kaya ako dumaan dito. Kaso may inaasikaso pa siya kanina d'un sa opisina. Kulang tayo ng rooms kaya d'un din siya nagki-clinic pag nandito siya. Siya din ang may-ari ng damit na ipinahiram ko sa 'yo n'ung na-hold up ka."

"Mr. Dayrit, naikuwento ka na sa akin ni Helena. Ikinagagalak kong makilala ka."

Puwes ako, hindi!

Ilang segundo siyang nakatingin lang sa kanang kamay na nasa harapan niya. Badtrip man, taliwas man sa loob niya, tinanggap niya ang pakikipagkamay nito.

"Nice meeting you, too. Salamat sa pagpapahiram ng damit."

"No need to thank me. Basta para kay Helena, kahit sa 'yo na 'yun."

Ano ba ang tingin ng lalaking ito sa kanya, walang maisusuot? Plastic ang ngiti sa mukha niya. Alam na rin siguro ng pesteng lalaki na naaasar siya rito. Ramdam niya ang pakikipagtagisan nito ng tingin.

"Gutom na ako. Sabay-sabay na tayong kumain,"

ani Helena.

“Yeah, I’m starving,” segunda ng doktor.

Palabas na ang dalawa nang lingunin siya ni Helena. “Aren’t you coming?”

“Mauna na kayo. May tatawagan lang ako,” dahilan niya.

“Come on, Helena. Siguradong hinihintay na tayo ni Nanay Clara.” Hinawakan ng lalaki sa braso ang dalaga.

Bumaling dito si Helena at ngumiti. Gustong magwala ni Vergil. Mula nang magtrabaho siya rito, ngayon niya lang nakitang ngumiti nang ganoon katamis ang babae. Dahil ba iyon sa doktor na iyon? Lalo tuloy uminit ang ulo niya sa naisip.